Ipinasa ang Elementary and Secondary Education Act (ESEA) **noong 1965 bilang bahagi ng "Pagsugpo sa Kahirapan." Binibigyang-pansin ng ESEA Act ang pantay na access sa edukasyon. Gumagawa ito ng matataas na pamantayan at pinapanagot ang estado at mga ahensya ng lokal na edukasyon. Bilang bahagi ng mga pagbabago sa pinakahuling muling pagpapahintulot sa ESEA noong 2001, na kilala bilang No Child Left Behind Act, dapat ibigay ng mga paaralan sa mga magulang ang sumusunod na impormasyon:**

1. **Ang mga propesyonal na kwalipikasyon ng mga guro at instructional paraprofessional**
2. **Abiso kung walang masyadong kwalipikasyon ang guro ng anak**
3. **Mga ulat ng nakamit ng mga indibidwal na mag-aaral**
4. **Abiso kung ang paaralan ay isang hindi masyadong mahusay na paaralan at natukoy bilang isang Priority, Focus, at/o Emerging na paaralan**

Kawani ng Title I, Part A

Title I/LAP Director
360-725-6100

Office of Superintendent of Public Instruction
Old Capitol Building
PO Box 47200
Olympia, WA 98504

www.k12.wa.us/TitleI

U.S. Department of Education
1-800-USA-LEARN (872-5327)

Nagbibigay ang OSPI ng pantay na access sa lahat ng programa at serbisyo nang walang diskriminasyon batay sa kasarian, lahi, creed, relihiyon, kulay, bansang pinagmulan, edad, katayuang honorably discharged na beterano o militar, sekswal na oryentasyon kabilang ang pagpapahayag ng o piniling kasarian, ang pagkakaroon ng anumang kapansanan sa paningin, pag-iisip, o pisikal, o ang paggamit ng isang gabay na sinanay na aso o service animal ng isang taong may kapansanan. Dapat idirekta ang mga tanong at reklamo sa ipinaparatang na diskriminasyon sa Equity and Civil Rights Director sa (360) 725-6162 o P.O. Box 47200 Olympia, WA 98504-7200.

Ang Karapatan ng Mga Magulang na Mabigyan ng Impormasyon

Title I, Part A

Office of Superintendent of Public Instruction,
Title I/LAP Department

Mga Propesyonal na Kwalipikasyon

May karapatan ang mga magulang ng mga bata sa mga paaralang nakakatanggap ng pagpopondo ng Title I, Part A na humiling at makatanggap ng impormasyon tungkol sa mga propesyonal na kwalipikasyon ng mga guro at instructional paraprofessional sa kanilang gusali at dapat ay kinabibilangan, sa minimum, ng sumusunod.

Mga Gurong May Mataas na Kwalipikasyon

- **Kung natutugunan ng guro ang mga kwalipikasyon ng estado at kinakailangang certification para sa antas ng baitang at (mga) subject na itinuturo niya,**
- **Kung nakatanggap ang guro ng emergency o conditional certificate kung saan sa pamamagitan nito ay ipinagpaliban ang mga kwalipikasyon ng estado, at**
- **Anu-anong (mga) undergraduate at graduate degree ang natapos ng guro, kabilang ang mga graduate certificate at karagdagang degree, at (mga) major o (mga) pinagtutuunang paksa**

Mga Instructional Paraprofessionals

IKung tinuturuan ang bata ng isang instructional paraprofessional, may karapatan ang mga magulang na makatanggap at humiling ng impormasyon tungkol sa kaniyang mga propesyonal na kwalipikasyon. Minsan, tinatawag na instructional assistant ang isang paraprofessional. Kinukuha ng distrito ang instructional paraprofessional at itinatalaga sa (mga) classroom. Nagbibigay siya ng karagdagang tulong sa pagtuturo na sumusuporta sa pagtuturong ibinibigay ng (mga) guro sa classroom.

Dapat matugunan ng lahat ng instructional paraprofessional na nagsasagawa ng mga tungkulin sa pagtuturo at na binibigyan ng mga pondo ng Title I, Part A, at lahat ng instructional paraprofessional na nagsasagawa ng mga tungkulin sa pagtuturo sa isang gusali ng Title I, Part A sa buong paaralan, ang mga partikular na kinakailangan:

- **Nakatapos ng hindi bababa sa dalawang taon ng pag-aaral sa isang institusyon ng mas mataas na edukasyon; o**
- **Nakakuha ng associate o mas mataas na degree; o**
- **Natugunan ang mataas na pamantayan ng kalidad sa pamamagitan ng alinman sa:**
  - **Ang ETS ParaPro Assessment, o**
  - **Isang inaprubahang Paraeducator Apprenticeship Program sa Estado ng Washington.**

Maaaring tingnan ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga kinakailangan ng instructional paraprofessional ng Title I, Part A sa: www.k12.wa.us/Paraeducators/pubdocs/ParaeducatorGuidelines.pdf.



Abiso kung walang masyadong kwalipikasyon ang guro ng ana

Dapat makatanggap ang mga magulang ng napapanahong abiso na itinalaga ang kanilang anak, o na tinuturuan sa loob ng mahigit apat na magkakasunod na linggo ng isang guro sa pangunahing academic subject na walang masyadong kwalipikasyon. Matuto nang higit pa tungkol sa mga kinakailangan sa guro at instructional paraprofessional online sa: www.k12.wa.us/TitleIIA/

Paunawa
Sapilitan na Pambuong Paaralan na Pagpapahusay

Ang batas Pederal--ESEA--ay nagtatakda ng pamantayan para sa pananagutan ng estado, distrito at paaralan, at nag-uutos sa mga pampublikong paaralang tumanggap ng pondo sa Titulo I, Bahagi A na abutin ang 100% ng kahusayan: lahat ng mga estudyante ay nakaabot sa pang-estadong pamantayan ng akademiko sa matematika at pagbabasa. Sa ilalim ng ESEA, ang mga paaralan, na ang mga estudyante ay kumuha ng pagtatasa ng estado at hindi nakapasa sa mga pamantayang ito--sa magkasunod na dalawang taon--ay magsisimula ng proseso ng pagpapahusay sa susunod na pampaaralang taon. Mayroong limang Hakbang para sa pagpapahusay sa paaralan. Sa bawat Hakbang, dapat na tiyakin ng mga paaralan at distrito na ang mga magulang at tagapangalaga ay nakatanggap ng detalyadong paliwanag sa mga dahilan at kahihinatnan ng pagganap ng paaralan at kung paano makisangkot sa edukasyon ng kanilang estudyante.
Ang mga paunawang ito ay dapat na malinaw at maikli. Dapat na makilala mo ang pagkakaiba ng mga paunawa may kaugnayan sa pagpapahusay sa paaralan at ng iba pang impormasyon na ipinadadala ng paaralan sa tahanan. Narito ang pangunahing mga bagay na dapat mong asahan mula sa distrito ng iyong paaralan.

- Ano ang ibig sabihin ng pagpasok sa programa ng pagpapahusay sa paaralan
- Bakit tinukoy ang paaralan para sa pagpapahusay
- Paano maikukumpara ang paaralan—husay sa klase—sa ibang mga paaralan sa distrito at estado
- Ano ang ginagawa ng paaralan para tugunan ang problema.
- Ano ang ginagawa ng distrito ng paaralan o estado para tulungan ang paaralang ito
- Paano ka makikisangkot, at paano ka makakatulong para tugunan ang mga isyung pang-akademiko na umaakay sa pangangailangan para sa pagpapahusay sa paaralan
- Public School Choice (PSC)—ang opsiyon na ilipat ang iyong estudyante sa ibang pampublikong paaralan na wala sa Hakbang ng pagpapahusay
- Supplemental Educational Services (SES)—ang opsiyon na makakuha ng panglunas na pagtuturo (remedial instruction) para sa iyong estudyante

PSC at SES
Ipinaliliwanag namin ang Public School Choice at Supplemental Services sa dalawang gabay para sa magulang sa pagpapahusay sa paaralan—Public School Choice and Supplemental Educational Services.
Makipag-ugnayan a Amin